## WIKANG PILIPINO

# Ang Paggamit Ng Pangatnig

**Ni Benigno Zamora**

ANG paggamit ng pangatnig (conjunction) sa mga pangungusap ay hindi maiiwasan, sapagka't sadyang tungkulin nito na pag-ugnayin ang mga salita, parirala at pangungusap na kinababagayang gamitan. Ang masamang paggamit ng pangatnig ay nakapagpapalabo, kung di man nakapagpapagulo, sa diwa ng pangungusap, at ang wastong paggamit ay nakapagbibigay naman ng bisa at kaayusan. May mga paraan ng paggamit ng mga pangatnig na umaalinsunod sa ilang patakaran, datapwa't ang higit na nakatutulong sa mga nag-aaral ay ang pagsasanay hanggang sa sila'y mamihasa sa pinagkaugaliang gamit ng mahuhusay managalog.

Ang mga sumusunod na paghahalimbawa ay tumutukoy sa ilang uri ng pangatnig at sa mga paraan ng wastong paggamit:

1. Ang *nang* at *upang* ay halos magsingkahulugan. Halimbawa:

Tapusin mong maaga iyang gawain mo *nang* (o *upang*) ikaw ay makapagpahinga.

*Nang* (o *upang*) di tayo gabihin sa daan, ay sumakay na tayo sa bus.

Mabuti pa yata'y maghintay na tayo *nang* (o *upang*) makausap natin siya.

2. Ang *at* ay karaniwan nang iniuuna sa *saka* kapag ang dalawang ito'y nagkakasama sa pangungusap. Halimbawa:

Ang tindahan sa tapat ng istasyon, *at* ang sine sa tabi ng palengke, *saka* ang malaking kamalig ng palay sa may Hulo, ay ari ng magkakapatid na Cortez.

3. Sa lalong mahahabaang pag-uulat, ang *at* at ang *saka* ay nararagdagan pa ng *pati* at *sampun*. Halimbawa:

Si Berto *at* ang asawa niya, *saka* ang kanilang anak na babae, *pati*, ng kanilang ampon, at *sampun* ng mga kasambahay nila, ay magiging panauhin namin sa Linggong darating.

4. Ang *man* at *o* ay nagkakatuwangan sa ilang pagkakabuo ng pangungusap. Halimbawa:

Ikaw *man*, *o* ako, ay maaaring makarating sa Amerika kung bibigyan ng dolyar ng Central Bank.

5. Sa isang pangungusap ay maaaring magkadalawa ang *ni*. Halimbawa:

*Ni* ako, *ni* si Mang Teban, ay hindi makapamamagitan sa sigalot na iyan.

6. Maaaring magkadalawa ang *maging* sa loob ng isang pangungusap, o kaya'y palitan ng *o* ang huli. Halimbawa:

*Maging* umaga, *maging* tanghali, ay lagi ka na lamang nakahiga.

Ang pamahalaan ay para sa lahat, *maging* mayaman *o* mahirap.

7. Ang *mamaya* ay likas na pang-abay kapag tumuturing sa isang pandiwa. Sa gamit na paris ng nasa ibaba, ang *mamaya* ay gumaganap ng pagka-pangatnig. Halimbawa:

Hindi ko maintindihan ang ugali mo — *mamayang* magalit, *mamayang* matuwa. (Ang *mamaya* sa gamit na tulad nito ay kasingkahulugan ng *kung minsan*.)

8. Ang *subali* ay madalas gamitin kahit sa mga karaniwang pangungusap. Ang talagang wastong gamit nito ay kung may nauna nang pangatnig na *nguni* o *datapwa*. Halimbawa:

Ibig na ibig kong makarating sa Estados Unidos, *nguni't* wala naman akong sapat na salaping magugugol; *subali't* kung ako'y makakahiram ng mga sampung libong piso, marahil ay matuloy ako.

9. Maaaring gamitin ang *kahiman* o *kahima't* nang hindi mababago ang kahulugan ng pangungusap. Halimbawa:

*Kahiman* o (*kahima't*) walang salapi ay naka-auto pa rin.

10. Ang *kung* ay ginagamit sa pagtukoy sa panahong kasalukuyan; ang *pag* ay sa panahong hinaharap. Halimbawa:

*Kung* aalis ka, isasara mo ang pinto.

*Pag* nag-ingay kayo, paaalisin ko kayo riyan.

11. Ang *mangyari* ay likas na anyong pawatas ng pandiwa, datapwa't nagagamit ding pangatnig. Halimbawa:

Hindi nga siya pinayagang umalis, *mangyari'y* hatinggabi na kung umuwi.

*Mangyari* pang di niya isasauli ay napapahiya siya.

12. Ang mga patngatnig na *yamang* at *yayamang* ay magingkahulugan. **Halimbawa:**

*Yamang* wala ka nang tiwala sa akin, di na ako pakikita sa iyo.

*Yayamang* ipinaubaya mo na sa akin ang bagay na iyan, huwag mo na akong pakikialaman.

(*Itutuloy*)